CHAIR: Maraming salamat po, the reason why we are asking the command center, ay isa po ito sa inaabangan din ng ating mga kababayan and I believed na those compasses the 8-point agenda ng ating City Mayor. Naaalaala ko po, everytime that we invite ir Rod dela Roca, lagi po niyang inuulit sa akin ang command center, napakaganda po ng proyektong ito dahil hindi po lahat ng LGU ay may ganitong klase ng command center. At ito po ay one step na pagkilala po sa Digital World, dahil ang atin pong City ay ini-enforce pa rin, nadiyan po ang DICT po para tumulong sa atin at ito po ay maa-address din po iyong mga safety concerns, because ito po ay para din daw magkakaroon tayo ng own version natin ng 911 for example, magkakaroon ng conversations at communications, so, we were really eyeing especially marami pong investors ang mag-iinvest sa atin because of the fact na mabubuksan po an gating... with the help of Congressman Marvey Mariño, with the help of sa Congress, talaa pong parang nagbo-boom po ang Batangas City. Marami pong salamat. ABC Dondon Dimacuha...

SP MEMBER A. DIMACUHA: Thank you Mr. Chair, regarding po din sa inyong proposal na parang magkaroon ng headquarters, command center, para pong war room, ano po ang mga data na na-identify ninyo na napapaloob po sa command center na iyon?

MR. A. SUAYAN: Ang mangyayari po doon dahil po ang tinatarget po talaga sa naming ay magkaroon po ng programs, makakapag-provide kami ng mga datas po, nakakapag-gather po kami ng datas po at hindi na po iyong katulad dati na over the phone, iyon pong facebook. So, iyon po talaga ang tina-target na ma-develop ng DRRMO.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Iyon pong mga data na gina-gather

ano pong mga parameters ng data?

MR. A. SUAYAN: Iyong mga disasters po at saka po pagdating naman po sa...

SP MEMBER A. DIMACUHA: Manmade disasters?

MR. A. SUAYAN: Both natural po at saka _____.

SP MEMBER A. DIMACUHA: May data po kayo ng water rainfall?

MR. A. SUAYAN: Meron po. Bale sa ngayon po ay meron po tayong 2 weather station dito sa Batangas

SP MEMBER A. DIMACUHA: Iyon pong mga data noong wala pa po tayong command center sabi nyo po ay thru phone, through facebook?

MR. A. SUAYAN: Opo, sa internet din po kumukuha.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Sa internet... meron ho ba kayong data base noon kahit hindi na sa computer, kahit iyong log book lamang? For example, if I ask you, how much rainfall did we have last 2021 and 2022?

MR. A. SUAYAN: If I'm not mistaken po, ang alam kop o ay daily po ay nagpri-print po ng weather forecast na nanggagaling sa PAGASA po.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Nanggagaling po sa PAGASA ang ating data?

MR. A. SUAYAN: Yes po.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Meron po tayong physical validation na sarili na hindi galling PAGASA?

MR. A. SUAYAN: Everytime ho na, for example, bubuhos po ng malakas na ulan, iyon din po talaga ay lumalabas po sa mga critical areas na binabaha.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Yes po. I mean, paano po natin naba-validate iyon? Nagbabase po tayo sa data na ibinibigay sa atin ng PAGASA>

MR. A. SUAYAN: Yes po.

SP MEMBER A. DIMACUHA: May capability po ba ang command center na tayo mismo ang magba-validate ng sarili nating data na ito like for example po, noong kami po ay nag- miting sa Barangay bilang ABC ay kami po ay ako po ay nagbigay ng suggestion, iyong rainfall, iyon pong mga poste sa barangay ay pinalalagyan naming ng nga linya, na ngayong taong ito o bagyong ONDOY ay umabot dini ang baha, so iyon po ang aming crude data, ano po. So, meron kaming physical validation ng amount of water na nakokorekan. Kasi ang pagkakaintindi ko po ng command center ay talagang full of datas at real time and talagang first hand, hindi ko naman po sinasabi na hindi accurate ang nakikita natin sa internet pero wala na pong mas aaccurate pa kaysa doon sa tayo mismo sa nakatira sa inaapektuhan lugar, alam naman po ninyo itong... ito na lamang pong nagdaang vog, example, ay sabi po ay sari-sari na po ang balita at huwag daw pong lalabas at sulfur daw po iyong anu... ang iba daw po ay masakit sa balat, pero, sa totoo ay ako po ay

lumabas eh, ay wala naman po akong nararamdaman sa balat eh. Iyon pong sa Maynila ay smog, pero ang balita ay galing daw po sa Taal, sa data ay galing sa national pero bali balita, ano po. So, ang nangyayari po ngayon sa atin, may kaibigan ka halimbawa, ikaw ay nasa Lipa, may kaibigan ka sa Batangas ay i-text mo, maulan ba diyan, hindi, ay naku dini sa amin ay maulan. Ano po ang magiging purpose ng command center na ito, ito po bang computer na ito ay taga-kolekta ang data or para siyang cctv na nakikita kung may nangyayari?

MR. A. SUAYAN: Yes po, ang alam ko po ay mag-iinstall po ng mga cctv sa Poblacion din po. Mai-integrate po iyong data galling sa TDRO, CDRRM, mg-iintegrate po ang mga data papuntang command centers, magkakaroon po ng mga additional pa.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Okay po. Ito po ay initially ay Poblacion lamang ang coverage?

MR. A. SUAYAN: Opo, sa ngayon po pero tinatarget din po na maging malawakan po talaga, na lahat po talaga.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Lahat po ng Batangas?

MR. A. SUAYAN: Tiningnan po kung kakayanin.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Magkano po ang requested fund dito sa Poblacion pa lamang? CCTV, lahat, magkano po ang... well we have a supplemental na... augmentation... machinery and equipment, transportation equipment, we have augmentation.. ibig sabihin, ano iyong original na nailagay sa budget? Kasi augmentation ito eh, it is on top of the budget?

MR. A. SUAYAN: Iyong original na budget po ay para sa repair and

maintenance ng transportation equipment ay...

SP MEMBER A. DIMACUHA: Hindi po, para po sa installation ng command center?

MR. A. SUAYAN: Hindi po ako ganun kapamilyar kung magkano po...

SP MEMBER A. DIMACUHA: Anyway, its okay. Ang akin lang po kasi at naitanong ko ay may plano na lahat ng Batangas ay isasama dito ay medyo gusto ko lang magkaroon ng rough computation kung magkano talaga ang perang magagastos. Kasi kung lahat po ng Batangas ay napakahirap, ibig sabihin ay pati Talumpok, pati Mt. Banoy, may CCTV dapat, Talahib, ay napakadami po noon, siguro ay per district, baka ang mangyayari hindi po iyong command center na by cluster, by cluster ang puwede. So we know iyong total fund, para sa cluster ng Barangay Poblacion and then more or less we add three more clusters and then iyon po ang rough na magiging computation. Napansin ko lang po, ano po, iyong ating command center correct me if I'm wrong, ano po. Parang nagpo-focus lang po siya sa vehicular accident, or manmade disaster, like may naputol na tree na naharangan ang daan, burt iyon nga pong mga data, puro tayo parang, Mr. Chair, let me correct my thoughts for a while, we are more on being reactive, ano po. We take a more passive instance and that we are reactionary like for example, may gumuhong bato sa Talahib and I give my respect, my kudos to CDRRMO for being there promptly and effective na maayos lahat ng sakuna at mga problema na nangyayari but kung sana po ay maggagawa tayo ng mga ganitong projects, ma-collect natin lahat ng data ma-analyze natin so that in the future from being reactive, we can be more active and go to the prevention and more mitigation side, kasi po, parang tayo ay disaster risk reduction and mitigation, so, parang nangyayari po sa ngayon, parang nakikit ko ay rescue tayo ng rescue but we need the data para po in the future like for example, the amount of waterfall in this Barangay kung meron po tayong mga physical validations na ganun ay nandito pa lamang iyong

tubig ay mai-inform na natin well ahead, mai-inform iyong residents, na ay, last year ay umabot lampas dini, iyong poste ng Meralco abot dini ang ulan ay malapit na ay umaga pa lamang, ay sabi ng PAGSA ay buong araw ay uulan, ay kung ako sa inyo ay lumikas na para hindi pasukin iyong mga bahay ninyo ng tubig ay itaas na ninyo ang mga sofa, iyong mga ganung bagay, I think its time na palakasin pa rin natin lalo ang ating CDRRM, kung maaari ay dagdagan pa ang machines, mas maganda, kudos, salute to you, iyong ngayon ko lang nalaman na meron pala tayong machine na iyong gamit pong pang-collect ng air sample, particulate matters, nakita ko ang picture noon name-measure nga iyong anu... ngayon ko lang nalaman na high tech pala tayo, at sana kung meron pa kayong alam na mga ganun... iyong type na type ko iyong mga high tech para talagang in the future ay meron tayong data na talagang independent of PAGASA. Perhaps we can tie up with the National Engineering University na baka meron silang mga inventions or project ng mga estudyante sa university nila na pang assess ng weather o kung anuman na mai-apply para sa atin.

MR. A. SUAYAN: Actually, meron pong, nag-donate po ang students ng BATangas State University kaso nga lamang po nagkaroon sila ng problema, iyong lugar na pinagkabit po nila ay natakluban po iyong camera nagtayo po kasi ng dike sa Calumpang ay iyong camera po nila ay hagip doon sa Barangay Uno na nakatutok po sa ating Ilog Calumpang natakluban po, ang alam ko po ay inaayos pa po ni Sir Torralba, kung hindi po ako nagkakamali sabi ni _____. Meron din po silang ini-install, na kapag mataas na iyong tubig, and them meron din po silang pang measure ng rainfall pero sa ngayon po ay hindi pa siya gumagana kasi nire-repair po nila.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Okay, so, if ever na gumana ulit iyon, I request na ilalagay natin sa data, iyong date, iyong time, iyong _____ na ganito, tapos, iga-graph natin at the end of halimbawa, every three years, iga-graph, doon na natin makikita natin ang trend kung sa future ay palaki ng palaki ang rainfall o pakaunti nang pakaunti para makapag-design tayo ng magandang agenda pagdating sa mga geo hazards planning natin, maisama

natin, that's all Mr. Chair.

MR. A. SUAYAN: Noted po.

CHAIR: Thank you ABC Dondon Dimacuha. Considering that this is only other matter, mero pa pong oras para sa mga department, at meron pa po kaming sesyon, isa na lamang po ang tanong ang ating... Konsehal Hamilton Blanco...

SP MEMBER H. BLANCO: Thank you Mr. Chair. Regarding po doon sa pinag-uusapan po natin na command center sa CDRRMO hindi ko po napakinggan kanina ng maayos kailan po ang completion ng project ng CDRRMO, iyon pong command center?

MR. A. SUAYAN: hopefully po ay matapos po ang command center sa 2025... hopefully dadaan pa po ng Phase 6 or Phase 7

SP MEMBER H. BLANCO: 2025 po?

MR. A. SUAYAN: Hopefully, earlier pa po.

SP MEMBER H. BLANCO: Kaya ko po Sir naitanong iyon, napakalawak ng Province of Batangas sobrang lawak, napakadaming syudad, sa inyong analisa kung mangyayari po ito pinakauna ang Batangas City na magkakaroon po ng command system? Sa Inter-Province, sa monitor po ninyo?

MR. A. SUAYAN: Parang kauna-unahan po na magkakaroon ng command center po, though under po ng Memorandum ng NDRRMC ang bawat LGU up to barangay level ay meron pong operation center, so, ngayon lang po ay tinawag na command center kapag nabuo po ang command center hindi lang po CDRRMO ang

magma-manned ng center, ang alam ko po ay included po ang national agencies like PNP, Bureau of Fire Protection dito po sa atin sa local kasama po naming ang TDRO, DSS at pati yata po ang Phil. Coast Guard.

SP MEMBER H. BLANCO: Mr. Chair, may I continue, Sir, kayak o po naitanong iyon, kasi, alam naman natin, given, napakayaman ng Lungsod ng Batangas, kaya ko po iyong naitanong kasi sa TV ko lang nakikita, pag sinabing command center, Quezon City napakaganda ng kanilang ika nga ay pagpapa-implement niyan and I subscribed sa inyo kaninang opinyon na Poblacion nga muna, kasi kumbaga auy dry run something, kung papaano tatakbo iyong ika nga ay ang makina na ito kasi pagka 105 talaga auy medyo napakalawak niyan pero kung unng-una, narito tayo sa Poblacion, every now and then kapag sinundan iyan, makikita talaga ang mangyayari at napaka at aalwan ang buhay ng pulis dito kapag po meron po niyan. Tanong ko lang Sir, Mr. Chair, as of now po sa ahensya ninyo ilan po ang inyong empleyado mismo?

MR. A. SUAYAN: Kami po, bale ay kami po ay 58 po. half po noon ang permanent..

SP MEMBER H. BLANCO: JO ang kalahati?

MR. A. SUAYAN: Opo.

SP MEMBER H. BLANCO: Mr. Chair, kayak o po naitanong iyon, kasi kapag naging full na an gating command center dito po sa ating Lungsod ano poi to, dudutihan poi to 24/7? Seven days a week?

MR. A. SUAYAN: Opo. Sa ngayon nga po ay 24/7 nga po...

SP MEMBER H. BLANCO: Okay 24/7, iyang 58 na iyan ay kulang pa nga iyan kung sakaling meron na iyang command center na iyan.

MR. A. SUAYAN: Yes po, kasi iyon po kasing operations namin iyong Operations and Warning Division ay iyon po ang nagmanned ng 24/7 na duty. Kami po, coming from the Administrative Section so, almost half po kami doon, so, tig-kalahati lang po, kulang na kulang po, pinatatarget po sa amin ni Sir Rod na magkaroon na kami ng ___ shift, kasi ngayon po ay naka-encounter na kami ng 12 hours, iyong taga Operations and Warning Division naming.

SP MEMBER H. BLANCO: Including po ng IT? Meron po kayo?

MR. A. SUAYAN: Meron po kaming newly hired na mga Job Orders na IT po.

SP MEMBER H. BLANCO: Nasa inyo na po iyan Ssir?

MR. A. SUAYAN: Yes po Sir.

SP MEMBER H. BLANCO: Okay, last question Mr. Chair. Before po, sa committee hearing namin, naulit po ni Sir Rod regarding po sa drone sa City, so far po meron na pong drone ang inyong ahensya?

MR. A. SUAYAN: Ang drone pa lang po namin is iyong pang-commercial type, iyong mga DJI ang brand, pero, recently lang, may nag-present ang kanilang product na drone, magse-send po sila ng kanilang quotation, saka po iyong mga technical specifications. Iprinesent po sa amin kung ano po ang kakayanan ng drone, isa po sa nakita ko ay lampas ulap na po at saka

unmanned po iyong kanyang operations, 9km away po ay puwedeng i-operate ang drone tapos iyong makukuhang data niya, iyong image po na makukuha niya may mga target po talaga, puwede din po iyong pang-detect, for example, may gumuhong area, madadaan po ng drone na iyon, makikita po natin kung meron pong mga casualties doon sa area.

SP MEMBER H. BLANCO: Yes po, doon po sa aking kwestyon, pag po may disaster o kalamidad o kung anuman ho iyan, lindol man iyan, bagyo man iyan, landslide man iyan lalo na sa puntahan ng tao, doon kasi natin magagamit nang husto ang aking sinasabi kaya po sa tingin ko ay sana ay magkaroon tayo ng napakagandang iyon, syempre, IT po ang magpapatakbo noon?

MR. A. SUAYAN: Recently po, meron pong isang nabigyan ng license ng CAAP, iyong isa po naming kasamahan na nag-training po siya para po siya ay magkameron ng permit to operate po ng ating mga our drone, so, ang kaso nga lamang po ay di sa near future po, hoping kami na madagdagan pa rin po ang drones, kasi dalawa lang po iyon, once is endorsed sa Public Information Office, so iyong existing po nating drone ay madagdagan pa.

SP MEMBER H. BLANCO: Mr. Chair, maraming salamat.

SP MEMBER A. DIMACUHA: Mr. Chair, follow up lamang po, hindi po question ito, ano po. Suggestion lang po, added information, gusto ko lang pong ipaalam na kaaaprub nga lang pala po namin, I think it was two weeks ago iyong CCTV Ordinance ni Councilor Mando Lazarte na requiring all business establishments doing business in BAtangas City to have minimum, basta may requirement po doon na magkaroon ng CCTV sa mga business establishments. So, ang alam ko po ay kayo iyong nandoon sa ordinance, aba hindi pala TDRO at PNP, at saka DSS yata, parang hindi sila kasama. Siguro baka maganda na kayo na lang ang kumuha ng data... and other, kasi baka puwedeng mai-incorporate ninyo sa inyong command center, So, if ever na

maglalagay kayo ng additional CCTV sa Poblacion ay doon na lang sa mga wala muna, magkaroon muna ng assessment sa mga areas na wala. Kami po, sa Barangay 18 kami po ay meron din kaming ganyan na command center. Ang barangay po namin ay napakaraming CCTV, lahat po ng kanto, alam po ninyo iyon dahil po minsan po ay anu ang napunta doon para mag-ayos, lahat po ng kanto doon, pati iyong Macatangay, wala pong hindi ako nakikita doon, kahit po magtitinda ng sigarilyo, kita po doon lagi at hindi naman po 24 hrs na bukas, pero ang dami na hong na-solved na crime o nagpupunta sa amin, na halimbawa ay nananakawan o iyong kahit taga-ibang barangay na nagpapa-review sa amin ng CCTV at malinaw po ang aming CCTV. So I'm sure hindi lang po ako sa Poblacion ang may ganyan, ang alam ko ay maraming halos lahat yata ng Barangay sa Poblacion ay halos lahat ay may CCTV. So, it should be easier for you to have the command center kasi doon nyo na lang ilalagay sa mga prone sa disaster na areas. Iyon po Mr. Chair thank you.

CHAIR: Thank you ABC Dondon Dimacuha. Konsehal Mando...

SP MEMBER A. LAZARTE: Thank you. Pasensya na at ngayon naman ay iisa ang committee hearing, binabati ko muna ang ating CDRRMO, sa katunayan, si Sir malaki ang naging partisipasyon niyan noong kainitan ng pandemic. And sa akin pong kaalaman, ang ating opisina ng CDRRMO is parang number one yata tayo sa Province eh, pati sa Calabarzon, iyong mga Disaster Officer ay sa aking pagkaalam ay dito pa kumukuha ng mga technique, alam, Disaster Officer ng Batangas City, at nakikita ko na napakasipag at napakahusay ng ating disaster office. Ako ay advisory council Vice Chairman ako ng province kaya nakaka-attend ako sa iba-ibang probinsya ng mga miting. Minsan ay sa Sta. Rosa, nireport nila iyong kanilang command center, nagkataon na bumisita noon ang PNP Chief sa Command Center para akita kung gaano kaganda ang command center ng Sta. Rosa, considering na napakalaki naman ang income ng Sta. Rosa, malaki sa income ng Batangas Province and sila yata ay 17 barangay pero malalaki. Ang kanilang command center doon ay saan ka man pumunta ay talagang makikita ka. Then, noong bumisita ang PNP Chief nagkataon na

may insidenteng nangyari na hindi drama, naroon ang PNP Chief. May nangyaring holdapan ay doon pa lamang sa command center kahit saan sumuling iyong holdaper ay nasusunod at puro radio lamang. Tama ka na kasama doon ang PNP and then dito naman sa atin sa Province is nagmi-miting din kami doon, ipinakita sa amin ng Provincial Director meron din sila doon, hindi pa lamang ganun kalaki sa Province. Doon lamang sa mga major areas, then hinihimok nila ang mga malalaking private companies o kung sinuman na i-connect sa CCTV nila which is iyon din ang sinasabi ni ABC which is tama. Let's say ako, may CCTV ako sa harap ko, gusto kong i-connect ito sa PNP o sa command center, para na akong may security 24 hours na regarding nga dito sa bagong ordinansa na kinakailangang lahat ng establishments ay magkaroon ng CCTV huwag lamang ay iyong sira, dahil sabi nga ni ABC karamihang Barangay ay meron. Sa amin ay may nangyaring nakawan, tingnan ninyo ang CCTV sira iyong CCTV ng Barangay pero nakapaloob iyon sa ordinansa. Ang DSS ang magtse-tsek kung gumagana. Ang laking tulong siguro sa ating command center, kung lahat ng establishments na may CCTV ay mai-connect kasi ang number one talaga diyan is iyong CCTV baka makakagawa na rin tayo ng ordinansa katulad sa Manila nang panghuhuli sa mga sasakyan is through CCTV malaking kamenuhan. And congratulations again sa inyo, talagang ako ay saludo, subaybay ko an gating Disaster Office.

Mr. Chair, samantalain ko na rin sa hearing na ito ang aking pagsasalita, narito pa rin ang ating Assessor ay matagal nang napapag-usapan dito iyong regarding sa mga subdigayat, ay may gusto sana kaming linawin, syempe pag nag-apply o kumuha ng mga requirements o nagpa-divide ng mga lote ay kahit papaano naman ay may idea na kayo sa subdigayat. Kami lamang lagi ang nababatuhan ng mga problema at hindi rin natin alam kung anu ba ang... may balita na ang siguradong ang iniisyung permit sa kanila ng isang kasamahan din yata, kaya lalong lumalakas at ang nangyayari nga ngayon is... nagkaroon kami ng committee hearing, nagkaroon ng consideration subalit parang sila ay umaabuso na parang napag-usapan sa pagbibigay ng palugit sa kanila, tapusin na ngayon kung ano ang ngayon, ang nangyayari may mga expansion agad. So siguro kami dito last session nagkaroon ng motion na i-address sa City Legal kung ano ang tamang proseso.

Kasi kung cease and desist wala naman tayong ibinigay na permit sa kanila eh. Sa Assessor, ano ang sa inyo ba ay pagka nagprocess ng mga ganito ay wala na tayong hinihinging requirements, kayo ba ay may permit, kasi after that iyong mga vnabigyan nga ng consideration, marami ang bumabalik sa akin na problema regarding doon sa mga nakabili na, hindi pa naiibigay ang mga tax dec o titutlo, nakabili na hindi ginagawa iyong ipinangako ng developer ay kami ang binabagsakan ng problema. Mr. Chair, sinamantala ko lamang dito sa other matters at naririto si Cess. Thank you very much.

MR. C. CASTOR: Good morning po, as a policy po ngayon sa amin, hindi na namin pinapayagan iyan, although allowed naman po iyan kung ang isa-subdivide po ay 9 lots or below pinapayagan po iyan, pero ngayon po pag medyo halata ninyo na naman ang ginagawa nila, siyam muna pagkatapos noon saka ipapa-subdivide ulit ng siyam muna, na hindi dumadaan ng... putal putal po, pero ngayon po sa personal knowledge ko ay bawal na po iyan, hindi na po naming ina-allow lalo na at alam namin tapos iyong mga nabigyan po yata dati ay pinagku-kuha na namin ng Oath of Undertaking po na tatapusin nila dapat iyong mga ipinangako nilang development po. Pero ngayon po ay ipinagbabawal na po iyang mga subdigayat. Hindi na po ina-allow, iyon po.

SP MEMBER A. LAZARTE: Mr. Chair, alam ko pong matagal na na bawal at alam natin ang sistema ng ganyan, continous naman, subalit iyong iba nga ay nag-expand pa, kaya medyo nakaka-alarma, kasi para din sa kapakanan ng mga mamimili at para sa kapakanan ng developer at ng ahente, naka-attend ako minsan ng seminar dito sa OCVAS, na-invite nila ang DHSUD then ipinaliwanag doon na kung ang isang ahente ay nahuli o developer na nahuli na nagbebenta is ang penalty nila is Ten thousand per lot. Ngayon, kung ang iyong lote ay 100, iyon lahat ng babayaran mo. Kaya ko naman nauulit lagi, baka mamaya ay may mga constituent tayo na ana-link sa ganun tapo sang nangyari is ahente ka lamang ay magbabayad ka ng Isang Milyon at ang DHSUD ay kapag manghuhuli dito sa aming miting ay kasama nila ang PNP,

NBI or mga local enforcer at iyon nga naghahanap pa rin kami, ano na ang nangyari at ito nga ay tuluy-tuloy at ayon sa inyo ay hindi, pro kami naman ay nakakatanggap ng balita na talagang sila ay happily doing business. Iyon lamang po Mr. Chair at thank you very much.

CHAIR: Councilor Boy Dimacuha...

SP MEMBER N. DIMACUHA: Gusto kong dagdagan ang sinabi kapisaso lang naman para sa information ng CPDO at ng Assessor ipinatawag nga dito ang mga contractor ng mga subdigayat, at ang isyu ay nasa committee, ngayon, the most prudent way the committee should do is to report it back dito sa sesyon for us to endorse what action that has to be taken para maging official iyong ating mga naging usapan. So without the recommendation of the Committee Chair, ay talagang gagalaw at gagalaw iyan, wala pa nga tayong iniisyu o inire-recommend sa City Legal though wala pang resolution requesting them to issue cease and desist order. Ibig sabihin, nag-ooperate sila ng walang permit, may violation sa Batangas City Comprehensive Land Use Plan Section 458, Paragraph 3 ng Local Government Code BP 220 at PD 957, malinaw na may violation. So, iyon ang ating i-report hanggat wala tayong ginagawang aksyon diyan, these people thought na... okay pinagbawalan na kayo verbally pero officially ay hindi, so it is incumbent upon the committee to report it back to Sangguniang Panlungsod recommend what legal action has to be taken para mabigyan ng kopya iyong mga agencies concern, iyon ho ang gagawin dito, wala hong sacred cow dito, may mga sinasabi sila na ang iba daw developer ay government employees ay bawal ho iyan kung kayo ay involved diyan, may conflict of interest ho tayo pagdating diyan. May violation ho ng Republic Act 6713 and we could be charged also of violation of RA 3019 - Graft and Corruption at sa Code of Ethical Standard ng Government Employees. So, marami hong violation, building permit issuance, wala, business permit, nakarehistro ba ga ito, ang mga developer na ito? Hindi, wala, walang document meaning, dapat ay mag-secure ng document, ano ho ang kailangan ng DHSUD, resolution

from the sangguniang panlungsod. Ano ho ang ibinigay ng Sanggunian? Wala... may violation, malinaw. So, again we from the committee are suggesting that we can act on it, though it is on delay, at nang sa ganun ay malagyan ng tuldok ang activities na ginagawa nitong mga subdivision, mga illegal subdivision and developer. Iyon lamang po Mr. Chair. Thank you.

CHAIR: Thank you Councilor Boy, tama po iyon, actually its hard to generalize, kasi, although marami po sila, meron ding iba po na maliliit na mga nagnenegosyo and they are very much willing to abide the laws and regulations, nga lamang po, hindi po magkaroon ng proper format, nang ganito, ganyan, so, nagkakaroon po ng proliferation and siguro po the committee have already exhausted all the solutions, ilang beses na rin pong nagpatawag, maramihan, kauntian... siguro dito po tayo sa ____.

Bago po tayo magtapos siguro dito po sa ating Command Center po, from Phase 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7 from construction, design at saka po iyong pag-energize, pero sana po ay magkaroon din ng training after pong ma-established o ma-construct kasi kailangan po natin, it takes a lot of learning for para po sa ating kasamahang empleyado because maghandle po sila ng mga bagong mechanisms, and encumbered din po dito iyong quality costumer service na maiprotect din po natin sa ating mga constituents and that includes the training na kailangan po nating bigyan ng aksyon right after ma-construct po iyong ating command center.

Hayaan nyo po na banggitin ko po ang inyong mga pangalan for proper documentations, from City Assessor's Office – Mr. Cesar Castor; from CDRRMO – Mr. Andrew Thomas Suayan; City Treasurer's Office – Maám Nila Olivario; City Accountant's Office – Maám Felicidad Torino; City Budget Office – Maám Marissa Serrano; sa atin pong representative from CPDO – Maám Agnes Panaligan and Maria Clare Godoy. Maraming marami pong salamat sa inyong lahat and I think wala na po tayong dapat pag usapan, although iyon pong other matters na pinag-usapan natin is also matters pa rin, lahat po tayo dito ay public servant naman at lahat po tayo ay naglilingkod for the promotion of general welfare. Huwag po kayong mag-alala dito po sa session ____ to suspend the rules para po maaprubahan ang atin pong augmentation. Marami pong


salamat sa inyong lahat. This committee hearing is now adjourned.

ADJOURNMENT: 11:35 A.M.

X-----X

CERTIFICATION

I hereby certify that the above transcript are true and correct according to my knowledge, understanding and belief.


JOSEPHINE G. DE OCAMPO
Sr. Administrative Assistant I
Stenographic Reporter IV